

# CARE Act

## Batas sa Pagtulong, Pagbangon ng, at Pagpapalakas sa Komunidad (Community Assistance, Recovery, and Empowerment Act)

## Tungkulin ng Tagasuporta sa CARE Act

Sa proseso ng CARE, ang bawat indibidwal na respondent ay maaaring pumili ng isang tagasuporta (kilala rin bilang isang "boluntaryong tagasuporta"). Ang tagasuporta ay isang taong nasa hustong gulang na tinitiyak na sumasalamin ang proseso ng CARE sa mga karapatan at pagpili ng respondent. Nakikipagsosyo ang tagasuporta sa iba pang miyembro ng CARE team, kabilang ang respondent, tagapayo, ahensya ng kalusugan ng pag-uugali ng county, at mga hukom.

## Pangkalahatang kaalaman hinggil sa Tungkulin ng Tagasuporta

### Ano ang kaakibat na tungkulin ng tagasuporta?

Dapat bigyan ng kapangyarihan ng tagasuporta ang bawat indibidwal na respondent na ipahayag ang kanilang mga kagustuhan sa buong proseso ng CARE. Kabilang dito ang pag-navigate sa isang kasunduan sa CARE o plano sa CARE, pagbuo ng plano sa pagtatapos, at pagtatatag ng isang Patiunang Direktiba kaugnay ng Sakit sa Pag-iisip (Psychiatric Advance Directive) (kilala rin bilang PAD) (California Welfare & Institutions Code (W&I Code) §§ 5971(r), 5981).*

Kung naguguluhan o nalilito ang respondent, maaari silang humiling sa kanilang tagasuporta na ipaliwanag ang mga nilalaman at layunin ng CARE. Maaaring pag-usapan ng tagasuporta at respondent ang proseso. Maaari din nilang balangkasin o isulat kung paano ito isinasagawa. Maaaring tukuyin ng tagasuporta ang mga karagdagang impormasyon o mga mapagkukunan na kailangan ng respondent upang mainam na makagawa ng sarili nilang mga pagpili sa mga proseso ng CARE.

Ang tagasuporta ay may mahalaga at mapanghamong gawain. Sinusuportahan nila ang respondent bilang isang partidong walang pinapanigan at tinitiyak na ginagalang ang opinyon ng respondent.

Ang tagasuporta:

1. Tumutulong sa respondent na maunawaan, gumawa, at talakayin ang mga desisyon at ipahayag ang mga kagustuhan sa buong proseso ng CARE.
2. Nag-aalok sa respondent ng isang paraang naiaangkop at isinasaalang-alang ang kultura upang mapanatili ang kapangyarihang magpasya para sa kanilang sarili sa pamamagitan ng pagbuo at pagpapanatili ng mga boluntaryong sistema ng suporta.
3. Gumagamit ng supported decision making (SDM) framework para pataasin ang kakayahan ng respondent na gumawa ng sarili nilang mga desisyon. Maaari nitong pigilan ang mas mahigpit na mga alternatibong proteksiyon, gaya ng conservatorship.

**Para sa higit pang impormasyon hinggil sa mga tungkulin, responsibilidad, at makukuhang mga pagsasanay, tingnan ang Toolkit para sa Boluntaryong Tagasuporta.**

*Maaaring magpasya ang respondent na isali ang ibang miyembro ng proseso ng CARE at iba pang mga kakilala o kamag-anak (natural supports) para makibahagi rin.

DHCS
CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES

## Sino ang tagasuporta?

Ang isang tagasuporta ay isang taong nasa hustong gulang na pinili (o inaprubahan) ng respondent at dapat na isang taong pinagkakatiwalaan nila. Ang tagasuporta ay dapat maglaan ng oras upang dumalo sa mga pagdinig at appointment ng CARE (ayon sa kagustuhan ng respondent). Ang tagasuporta ay maaaring isang:

- Kaibigan.
- Miyembro ng pamilya.
- Pinuno sa pananampalataya.
- Tagapatnubay.
- Taong may direktang karanasan sa kalusugang pangkaisipan at/o sakit kaugnay ng paggamit ng droga at pag-inom ng alak.
- Empleyado ng ahensyang pang-county para sa kalusugan hinggil sa pag-uugali.
- Tagapagkaloob ng serbisyong panlipunan.
- Iba pang taong tagasuporta.

Tandaan: Sa kasalukuyan, walang nakalaan na pondo para sa tungkulin ng tagasuporta.

## Ano ang mga pangunahing prinsipyo sa pagsasagawa ng tungkulin ng tagasuporta?

### 1. Suportadong Paggawa ng Desisyon

Ang Suportadong paggawa ng desisyon (Supported decisionmaking, SDM) ay isang mahalagang prinsipyo ng CARE Act. Tinutulungan ng SDM ang mga taong may kapansanan na mapanatili ang kanilang karapatang gumawa ng sarili nilang mga desisyon, gamit ang mga tamang serbisyo at suporta. Sa SDM framework, tinutulungan ng isang pinagkakatiwalaang tao (o grupo ng mga tao) ang isang indibidwal na gumawa ng sarili nilang mga desisyon. Ang pinagkakatiwalaang tao ay hindi kailanman gumagawa ng mga desisyon para sa respondent. Ang respondent ay siyang dapat na gumawa ng huling desisyon.

Gamit ang SDM framework, ang mga tagasuporta ay kusang-loob na maninindigang makibahagi sa pangkat ng CARE Act ng respondent. Tinutulungan ng bawat tagasuporta ang respondent na maunawaan at kumatawan sa kanilang mga kagustuhan at desisyon. Nangyayari ito sa buong proseso ng CARE.

### 2. Pag-iwas sa personal na pagkiling

Dapat na sadyang kinakatawan ng tagasuporta ang naisin at kagustuhan ng respondent, hindi alintana kung akma iyon sa ninanais ng tagasuporta.

### 3. Pangangalaga para sa trauma (Trauma-informed care)

Maraming respondent ang nakaranas ng trauma. Nakaaapekto ang trauma sa kanilang kalusugang pangkaisipan at pisikal. Ang kahulugan ng pangangalaga para sa trauma (trauma-informed care) ay ang pagtatrabaho nang may paggalang, pagkakaayon, at pagkamaaasahan.

Binabawasan nito ang mga nagdudulot ng trauma at nauugnay na mga pag-uugali para sa respondent. Nakakatulong sa respondent ang paggawa sa paraang pangangalaga para sa trauma (trauma-informed care). Pinapanatili nito ang tiwala sa tagasuporta. Maaari nitong madagdagan ang pakikibahagi sa mga serbisyong sumusuporta.

### 4. Pagiging kumpidensyal

Ang isang tagasuporta ay maaaring lumahok sa anumang pagpupulong, pagkilos, o komunikasyon kaugnay ng proseso ng CARE. Ang paglahok ng isang tagasuporta ay hindi makaaapekto sa pagiging kumpidensiyal o maipagpapaliban ang pribilehiyo kaugnay ng impormasyong tinalakay. Dapat igalang ng mga tagasuporta ang pagkapribado ng respondent at panatilihing kumpidensyal ang lahat ng impormasyon. Ang isang tagasuporta ay hindi maaaring kumilos nang mag-isa o magbahagi ng impormasyon tungkol sa proseso ng CARE sa sinuman maliban sa respondent. Bukod pa rito, hindi maaaring dulugan ng subpoena o hilinging tumestigo ang mga tagasuporta laban sa respondent sa anumang paglilitis na may kaugnayan sa CARE Act.

## Paano pinipili ang tagasuporta?

Sasabihin ng abogado ng respondent sa respondent ang tungkol sa opsyong pumili ng tagasuporta. Kung maaari, dapat itong mangyari bago ang unang pagharap kaugnay ng petisyon sa CARE, upang matulungan ng tagasuporta ang respondent na maunawaan ang petisyon at dumalo sa pagdinig (kung naisin ng respondent).

Maaaring nilang atasan ang kanilang abogado na hilingin sa korte ang isang boluntaryong tagasuporta. Dapat aprubahan ng respondent ang tagasuporta para makalahok sila sa proseso ng CARE.

Maaaring piliin ng respondent na huwag magkaroon ng tagasuporta.

## Maaari bang magbago ang isang tagasuporta sa buong proseso ng CARE?

Ang respondent ay maaaring pumili ng bagong tagasuporta anumang oras.

Maaaring magpasya ang korte na tanggalin ang isang tagasuporta kung mayroong salungat na interes, nangangahulugan ito na mayroong kasalungatang hindi kayang pangasiwaan para maiwasang maapektuhan ang respondent. Kung hindi kayang pangasiwaan ang kasalungatang iyon, dapat tanggalin ng korte ang tagasuporta.

## Ano ang maaaring lahukan ng isang tagasuporta?

Maaaring hilingin ng mga respondent sa mga tagasuporta na lumahok sa mga pagpupulong, paglilitis sa hukuman, pagdinig hinggil sa katayuan, o komunikasyon. Maaaring may kinalaman ang mga ito sa alinman sa mga sumusunod:

- Isang pagsusuri sa sakit sa pag-iisip/kalusugang pangkaisipan.
- Pagbuo ng isang kasunduan sa CARE o plano sa CARE.
- Pagtatatag ng isang Patiunang Direktiba kaugnay ng Sakit sa Pag-iisip (Psychiatric Advance Directive, PAD).
- Pagbuo ng isang plano sa pagtatapos.

## Anu-ano ang mga pagsasaalang-alang na dapat gumabay sa tungkulin ng tagasuporta?

- Susuportahan ng tagasuporta ang naisin at kagustuhan ng bawat indibidwal na respondent sa abot ng kanilang makakaya, hangga't maaari.
- Hindi kikilos nang mag-isa ang tagasuporta sa ngalan ng respondent.
- Igagalang ng tagasuporta ang mga pinahahalagahan, paniniwala, at kagustuhan ng respondent.
- Kikilos ang tagasuporta nang may katapatan, pagsisikap, at kabutihan ng loob.
- Dapat na iwasan, bawasan, at pangasiwaan ng tagasuporta ang mga salungat na interes hanggat maaari. Ang anumang mga kasalungatan ay dapat ibahagi sa korte, sa respondent, at sa abogado ng respondent.
- Susunod ang tagasuporta sa lahat ng batas at regulasyon na nagpoprotekta sa mga tao kabilang ang panloloko, pang-aabuso, kapabayaan, pamimilit, o pagmamaltrato.

Maliban kung pinahintulutan ng respondent na may kapasidad na ibigay ang pahintulot na iyon, ang isang tagasuporta ay hindi maaaring:

- Magpasya para sa, o sa ngalan ng, respondent, maliban kung kinakailangan upang maiwasan ang napipintong pinsala sa katawan o perhuwisyo.
- Pumirma ng mga dokumento sa ngalan ng respondent.

## Anong mga pagsasanay ang makukuha ng mga tagasuporta?

Makakakuha ang tagasuporta ng mga pagsasanay para maisagawa ang tungkuling ito. Ang mga pagsasanay na ito ay para sa lahat ng stakeholder ng CARE, kabilang ang mga tagasuporta. Palalalimin ng mga pagsasanay na ito ang kanilang pang-unawa sa proseso ng CARE. Pinag-aaralan nila ang mga mahahalagang ideya upang gawing mas epektibo ang proseso ng CARE para sa lahat ng kalahok. Kabilang sa mga paksa ang:

- Pangkalahatang kaalaman hinggil sa Proseso ng CARE para sa Mga Tagasuporta
- Pangkalahatang kaalaman hinggil sa Kasunduan sa Care at Plano sa Care
- Tungkulin ng Tagasuporta sa CARE Act
- Suportadong paggawa ng desisyon para sa mga Boluntaryong Tagasuporta
- Pagpapanatili ng Kawalan ng Pinapanigan bilang isang Boluntaryong Tagasuporta
- Mga Patiunang Direktiba kaugnay ng Sakit sa Pag-iisip (Psychiatric Advance Directives)
- Mga Pagsasanay tungkol sa Schizophrenia para sa Mga Tagasuporta:
  ika-1 Bahagi, ika-2 Bahagi, at ika-3 Bahagi
- Mga Pagsasanay sa Pangangalaga para sa Trauma (Trauma-Informed Care, TIC) para sa Mga Tagasuporta: ika-1 Bahagi, ika-2 Bahagi, at ika-3 Bahagi
- Mga Makukuhang Pabahay, Serbisyo, at Suporta sa Pamamagitan ng CARE Act: Pagsasanay para sa mga Tagasuporta

## Mga Karagdagang Mapagkukunan

Pakitingnan ang karagdagang mga mapagkukunan hinggil sa CARE Act:

- Isang Pagsulyap sa CARE Act
- Ang Daloy ng Proseso ng CARE Tungo sa Paggamot, Pabahay, at Suporta
- Toolkit para sa Boluntaryong Tagasuporta

*Ang ilang piling hyperlink ay maaaring nasa wikang Ingles lamang

## Wika at Sipi ng Batas

Ang ibig sabihin ng "Tagasuporta" ay isang taong nasa hustong gulang, na itinalaga alinsunod sa Kabanata 4 (nagsisimula saW&I Code § 5980). Tinutulungan ng isang tagasuporta ang taong nahaharap sa petisyon. Maaaring kasama rito ang pagsuporta sa tao para maunawaan, gumawa, makipag-usap, magpatupad, o kumilos ayon sa kanilang sariling mga desisyon sa buhay habang nasa proseso ng CARE, kabilang ang isang kasunduan sa CARE, plano sa CARE, at pagbuo ng isang plano sa pagtatapos. Hindi maaaring kumilos ang tagasuporta nang mag-isa. (W&I Code § 5981)

Pakitingnan ang seksyon 5972 ng W&I Code na tumutukoy sa tungkulin ng tagasuporta sa Ang Batas sa Pagtulong, Pagbangon ng, at Pagpapalakas sa Komunidad (The Community Assistance, Recovery, and Empowerment, (CARE) Act). Kabilang dito ang tungkulin ng tagasuporta sa pagbuo ng isang kasunduan sa CARE (W&I Code § 5977(c)(2)) at plano sa CARE (W&I Code § 5977.1(c)); mga responsibilidad ng tagasuporta (W&I Code § 5981(b)); kung ano ang hindi maaaring gawin ng tagasuporta (W&I Code § 5981 (c)); mga sanggunian sa pagtanggal ng isang tagasuporta (W&I Code § 5981 (b)(4)); mga kondisiyong dapat gampanan ng mga tagasuporta ayon sa umiiral na mga obligasyon at pagbabawal na nagpoprotekta sa mga taong may kapansanan at mga matatanda laban sa pandaraya, pang-aabuso, pagpapabaya, pamimilit, o pagmamaltrato (W&I Code § 5981 (d)); at kondisyon na hindi dapat dulugan ng subpoena o hilinging tumestigo ang tagasuporta laban sa respondent (W&I Code § 5981 (e)).